Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-146-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Sa pagpapatuloy ng pulong, ang mga sumusunod ay tinalakay, pinagpasiyahan at pinagtibay:

APPROVED:
RESOLUTION No. 640-'91
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 27, 1991

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVII-'91 (47)
(Sa mungkahi ni Pang. Puneng-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

**ANG KAUTUSANG BAYAN**
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang SIYAM NA LIBO SIYAM NA RAAN AT ANIMNAPUNG PISO (₱9,960.00) upang iukol sa sahod ng mga kawaning nanungkulan na kahit hindi pa natatapos ang Maternity Leave, alinsunod sa itinatadhana ng Memorandum Circular No. 17, s. 1991 ng Komisyon ng Serbisyo Sibil na ang talaan ay tulad ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Suweldo . . . . . . . . . . . . . . | ₱8,922.00 |
| 2. | Premyum sa seguro . . . . . . . . | 268.00 |
| 3. | Premyum sa pagreretiro. . . . . | 580.00 |
| 4. | Premyum pangmediker . . . . . . . | 100.00 |
| 5. | Premyum sa segurong pang-estado | 90.00 |
| | | ₱9,960.00 |

PINAGPASIYAHAN din na kunin ang palaan sa pondong nakalaan sa RATA ng Kabataang Barangay.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

***************

Sa puntong ito ay binasa naman ng Kalihim ang isang liham mula kay G. Marcelino Dictado na humihiling ng pagtitibay at pagliliwat upang makapagdaos ng Special Sabong para sa buwan ng Oktubre, 1991.

Sinabi ni Kag. Entena na lubha siyang nababahala sapagka't kung halos araw-araw ay magdaraos ng sabong ito ay talagang maituturing ng sugal. Muli ay sinabi ni Kag. Perez na sa kabila ng mahigpit na tagubiling isulit ang mga hinihiling na papeles alinsunod sa itinatadhana ng PD 1802 ay hindi pa rin tumutupad si G. Dictado.

Pinagpasiyahan ng kapulungan na maging kondisyon sa bawa't pagkakaloob ng pagtitibay na isulit lamang ni G. Marcelino Dictado ang mga hinihiling na papeles. Hiniling din ni Kag. Perez na magkaroon lamang sa tanggapan ng Kalihim ng "folder" na maglalaman ng lahat ng mga papeles na may kinalaman sa mga pasabong sa bayan ng Santa Rosa. Matapos pa ang maikling pagpapalitan ng kuru-kuro ay ipinasiya ang:

ROBERTO R. GONZALES
Puneng-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pang. Puneng-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad